WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY
COLLEGE OF EDUCATION
GRADUATE SCHOOL
Iloilo City

# PAGBUO AT PAGGAMIT NG PORTFOLIO SA PAGLINANG NG KASANAYAN SA PAGSULAT

Tesis na Iniharap sa mga

Guro ng Paaralang Gradwado

Pamantasang Estado sa Kanlurang Bisaya

Lungsod ng Iloilo

Bilang Bahagi ng Pagtupad

sa mga Gawaing Kailangan sa Pagtatamo ng Titulong

Master ng mga Sining sa Edukasyon

(Filipino)

GRADUATE STUDIES
LIBRARY
CENTRAL PHILIPPINE UNIVERSITY
LIBRARY
000014
ILOILO CITY

ni

Darlin S. Subere

Marso 2006

Subere, Darlin S. "Pagbuo at Paggamit ng Portfolio sa Paglinang ng Kasanayan sa Pagsulat" Di-nalathalang Tesis, Master ng mga Sining sa Edukasyon, (Filipino), West Visayas State University, Marso, 2006.

Abstrak

Ang deskriptibong pag-aaral na ito ay may layuning mapatunayan ang bisa ng portfolio sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Ang mga kalahok ay 23 mag-aaral sa unang taon ng kursong Nursing, ikalawang semestre, taong panuruan 2005-2006 at kumukuha ng asignaturang Fil 3a- Pagbasa at Pagsulat sa Iba't ibang Disiplina sa Central Philippine University. Ang mga kagamitan sa pagtitipon ng mga datos sa pag-aaral na ito ay mga rubric para sa pagtataya sa kasanayan sa pagsulat at sa nabuong portfolio.

Ginamit ang *mean* upang matiyak ang kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang portfolio at upang matiyak ang kabisaan ng portfolio sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Ginamit ang t-test upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kahusayan sa pagsulat na ibinigay ng mga guro at ng mga mag-aaral sa kanilang sarili at kung may

makabuluhang pagkakaiba ang kabisaan ng portfolio sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat na ibinigay ng mga guro at ng mga mag-aaral sa kanilang sarili na tinuos sa .05 *level of significance*.

Pearson's r ang ginamit upang malaman kung may makabuluhang pagkakaugnay ang antas ng kahusayan sa pagsulat na ibinigay ng mga guro at ng mga mag-aaral sa kanilang sarili at kung may makabuluhang pagkakaugnay ang antas ng kabisaan ng portfolio sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat na ibinigay ng mga guro at ng mga mag-aaral sa kanilang sarili.

Lumabas sa pagsusuri na mataas ang antas ng kahusayan sa pagsulat ng mga mag-aaral batay sa pagmamarka na ibinigay ng mga mag-aaral sa kanilang sarili gayundin sa pagmamarkang ibinigay ng Guro 1 at Guro 2. Napatunayan din sa pag-aaral na ito na napakabisa ng portfolio sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat batay sa pagmamarkang ibinigay ng mga mag-aaral sa kanilang sarili, Guro 1 at Guro 2.

Kapwa may makabuluhang pagkakaiba ang pagmamarka sa antas ng kahusayan sa pagsulat na ibinigay ng mga mag-aaral sa kanilang sarili, Guro 1 at Guro 2 at ang antas ng

kabisaan ng portfolio sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat batay sa ibinigay na marka ng mga mg-aaral, Guro 1 at Guro 2.

Samantala, kapwa may pagkakaugnay ang antas ng kahusayan sa pagsulat na ibinigay ng mga mag-aaral sa kanilang sarili, Guro 1 at Guro 2 at ang antas ng kabisaan ng portfolio sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat na ibinigay ng mga mag-aaral sa kanilang sarili, Guro 1 at Guro 2 ayon sa pagsusuring ginawa sa mga datos na nakalap.